


# Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 16: Pagsulat ng Pananaliksik



**Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino**  
**Alternative Delivery Mode**  
**Ikalawang Markahan - Modyul 16: Pagsulat ng Pananaliksik**  
**Unang Edisyon, 2021**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Ruben S. Montoya

**Editor:** Jonathan F. Bernabe

**Tagasuri:** Elisa N. Lajera, Perlita E. Dela Cruz, Sharita B. Cruz, Noel S. Ortega,  
Jhon Jien Mar Traviezo

**Tagaguhit:** Romdel F. Partoza

**Tagalapat:** Leonila L. Custodio, Niño Paulo V. Crispe

**Tagapamahala:** Francis Cesar B. Bringas  
Job S. Zape, Jr.  
Ramonito O. Elumbaring  
Reicon C. Condes  
Elaine T. Balaogan  
Fe M. Ong-ongowan  
Rommel C. Bautista  
Galileo L. Go, Randy D. Punzalan  
Elpidia B. Bergado  
Noel S. Ortega  
Maribeth C. Rieta  
Leonila L. Custodio  
Julie Anne V. Vertudes

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region 4A CALABARZON**

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Senior High School

**Komunikasyon  
at Pananaliksik sa Wika  
at Kulturang Pilipino  
Ikalawang Markahan - Modyul 16:  
Pagsulat ng Pananaliksik**

## **Paunang Salita**

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**


Ang iyong isasagawang pag-aaral gamit ang modyul na ito ay tutugon sa dapat mong malaman at matutuhang kasanayan. Ito ay batay sa sumusunod:

### **Kasanayang Pampagkatuto:**

Nakasusulat ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa. **(F11EP-IIij-35)**

### **Layunin:**

- Nakakikilala ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa.
- Nakapagpapahalaga ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa.
- Nakabubuo ng isang pananaliksik ukol sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa.



## **Subukin**

Basahin at unawain ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang nagpapakita o kasasalaman ng penomenang pangkultura at panlipunan?
  - I. Saliksik ukol sa angkop na *modalities* na maaring ipatupad ng isang paaralan sa pagsisimula ng klase.
  - II. Ang Karakol ay isang pasayaw na panalangin na isinasagawa sa halos lahat ng lungsod at bayan sa Cavite. Isinasagawa ito tuwing pista, ang makukulay na kasuotang Pilipino at pagsayaw sa kalye sa saliw ng masasayang tugtugin ang pinakatampok sa pagdiriwang na ito.
  - III. Ang pagpuprusisyon sa itim na Nazareno na ipinagdiriwang tuwing Enero 9, taon-taon. Halos milyong-milyong Pilipino ang dumadalo rito upang magpakita ng marubdob na pananampalataya. Naniniwala sila na magkakaon sila ng himala kapag nakahipo sila o nakadampi man lang sa Poong Nazareno sa araw na ito.
  - IV. Nariyan din ang iba pang tradisyunal na pagdiriwang sa Pilipinas tulad ng Sinulog Festival na ginaganap tuwing pangatlong Linggo ng Enero

bilang pagpupugay sa mahimalang imahe ng Sto. Nino na nagmula sa siyudad ng Cebu na tumatagal ng siyam (9) na araw.

- A. I,II,III
- B. II, III, IV
- C. III, IV, I
- D. IV,I,II

2. Alin sa mga sumusunod na pahayag ang hindi wasto ukol sa pananaliksik?
  - A. Ang pananaliksik na pumapaksa sa wika, pagkain, kasuotan, paniniwala at tradisyong ng isang lugar ay isang pananaliksik tungkol sa penomenang kultural at panlipunan.
  - B. Hindi mahalagang kulang ang bahagi ng pananaliksik, ang mahalaga ay nakuha o lumabas ang nais mong maging resulta.
  - C. Mahalaga na may sapat na kaalaman sa paksa at may malawak o masagana sa literatura upang maisagawa ang pananaliksik.
  - D. Nakabatay ang resulta ng pananaliksik sa iyong suliranin at layunin ng pag-aaral.
3. Makikita sa bahaging ito ang paglilimita ng paksa, pagbuo ng tanong, haypotesis, pagbabasa ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral.
  - A. Pagsusuri ng Datos
  - B. Pangangalap ng Datos
  - C. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - D. Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
4. Sa prosesong ito nagaganap ang pagbuo ng kasangkapan na gagamitin sa pangangalap ng datos at aktuwal na paggamit nito.
  - A. Pangangalap ng Datos
  - B. Pagbabahagi ng Datos
  - C. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - D. Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
5. Sa bahaging ito makikita ang paraang istatistikal o matematikal sa pagbibigay interpretasyon ng datos sa kwantitatibong pananaliksik at pagbuo ng mga tema o kategorya sa kwalitatibong pananaliksik.
  - A. Pagsusuri ng Datos
  - B. Pangangalap ng Datos
  - C. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - D. Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
6. Dito nagaganap ang pagbuo ng paradaym, konseptuwal at teoritikal na balangkas at pagtukoy sa populasyon ng pananaliksik o materyales na pagmumulan ng datos.
  - A. Pagsusuri ng Datos
  - B. Pangangalap ng Datos
  - C. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - D. Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik

7. Sa bahaging ito isinasagawa ang presentasyon sa mga kumperensya o iba pang paraan ng pagbabahagi o pamimili ng *journal* kung saan ilalathala ang pananaliksik.
- Pagsusuri ng Datos
  - Pagbabahagi ng Pananaliksik
  - Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
8. Tukuyin ang wastong pagkakasunod-sunod ng mga hakbang sa pagsasagawa ng pananaliksik.
- Dito nagaganap ang pagsusuri sa mga datos na nailahad mula sa pagkakategorya o mula sa istatistikal na pag-aanalisa.
  - Sa bahaging ito titiyakin ng mananaliksik ang kongklusyon ng pananaliksik.
  - Dito tinitiyak na payak ang paksa. Pinapaunlad ito sa pamamagitan ng pagbabasa at paghahanap ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral.
  - Bubuuin sa bahaging ito ang konseptuwal na balangkas na maglalatang ng kabuuang lawak ng pananaliksik at paraan ng magiging pagsusuri.
  - Nagaganap sa bahaging ito ang aktuwal na pakikipanayam, sarbey, obserbasyon o pagsusuri ng dokumento depende sa itinakda ng pamamaraan ng pag-aaral.
- II, V, III, I, IV
  - III, IV, V, I, III
  - I, II, V, IV, III
  - V, IV, III, I, II
9. Aktuwal na isinasagawa ang pakikipanayam, sarbey, obserbasyon, o pagsusuri ng dokumento depende sa itinakdang pamamaraan ng pananaliksik.
- Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
  - Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - Pangangalap ng Datos
  - Pagsusuri ng Datos
  - Pamamahagi ng Pananaliksik
- I
  - II
  - III
  - IV
10. Anong antas ng pananaliksik, kailangang natukoy na ng mananaliksik ang suliranin upang malapatan ng tiyak na disensyo?
- Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
  - Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - Pangangalap ng Datos
  - Pagsusuring Datos
  - Pamamahagi ng Pananaliksik
- I
  - II
  - III
  - IV

11. Si Allan ay naghahanap ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral upang masuportahan ang kanyang paksa. Nasa anong hakbang na kaya si Allan?
- A. Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksang Pananaliksik
  - B. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - C. Pangangalap ng Datos
  - D. Pagsusuri ng Datos
12. Paglalathala sa mga publikasyon, pamamahagi sa mga silid-aklatan at pakikibahagi sa mga kumperensiya. Ito ang ginawa ni Aida. Saang hakbang na kaya siya?
- I. Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik
  - II. Pagdidisenyo ng Pananaliksik
  - III. Pangangalap ng Datos
  - IV. Pagsusuri ng Datos
  - V. Pamamahagi ng Pananaliksik
- A. I at II
  - B. III at IV
  - C. V
  - D. VI
13. Madalas nagmumula ito sa mga umiiral na batas at polisiya ng isang organisasyon o departamento. Maaari ding mula sa mga pahayag at teorya.
- A. Paglalahad ng Suliranin
  - B. Redyu ng Kaugnay na Literatura
  - C. Rasyonal at Kaligiran ng Pag-aaral
  - D. Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
14. Ang mahalaga sa bahaging ito ay naiuugnay ng may akda ang mga konseptong nagmula sa literatura at pag-aaral sa pinakapaksa ng pag-aaral.
- A. Paglalahad ng Suliranin
  - B. Rebyu ng Kaugnay na Literatura
  - C. Rasyonal at Kaligiran ng Pag-aaral
  - D. Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral
15. Sa bahaging ito binubuo ang mga katanungan na nagmumula sa pamagat ng saliksik, mga katanungang siyang bibigyang kasagutan sa kabuuan ng pagaaral.
- A. Paglalahad ng Suliranin
  - B. Rebyu ng Kaugnay na Literatura
  - C. Rasyonal at Kaligiran ng Pag-aaral
  - D. Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral



**Aralin****16****Pagsulat ng Pananaliksik**

Mahalagang magkaroon ka ng kaalaman at kasanayan sa pagsulat ng isang panimulang pananaliksik sa mga penomenang kultural at panlipunan sa bansa. Ito ay pagsasakatuparan sa hinihinging pagkatuto para sa asignaturang Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino

***Balikan***

Mapapadali ang pagsusulat ng panimulang pananaliksik kung nakabisado mo ang hakbang sa pagsulat ng pananaliksik. Upang matiyak ito, subuking ibigay ang sunod-sunod na hakbang sa pagsulat ng pananaliksik.

I. Kabanata I	
A. _____	
B. _____	
C. _____	
D. _____	
II. Kabanata II	
A. _____	
B. _____	
C. _____	
D. _____	
E. _____	
	III. Kabanata III
	A. _____
	IV. Kabanata IV
	A. _____
	B. _____
	C. _____



## **Tuklasin**

Ang malalim na pag-unawa sa mga penomenang kultural at sosyal ay mahirap isanib o gawan ng pananaliksik kung wala kang sapat na kaalaman ukol ito. Upang mabigyan ka ng gabay sa pamimili ng paksa ukol dito, narito ang maikling paliwanag sa tinatawag na penomenang kultural at panlipunan ng bansa.

### **Penomenang Kultural at Panlipunan**

Alam mo ba na tinatawag na isang kalinangan ang kultura. Kapag sinabing kultura, binubuo ito ng tradisyon, paniniwala, paraan ng pamumuhay, paraan ng pananamit, pagkain, wika at relihiyon. Mula sa kultura, umusbong ang kabihasanan o tinatawag na sibilisasyon.

Bawat pangkat ng tao sa daigdig ay may kinagisnang kultura. Maaaring may mga pagkakatulad ang ilan at may hindi naman pangkaraniwan. Kung sinasabing hindi pangkaraniwan, maituturing itong pambihira o *phenomenal*. Maraming iba't ibang pagdiriwang sa Pilipinas, bilang isang bansa na maraming tradisyon.

Halimbawa:

1. Ang Karakol ay isang pasayaw na panalangin na isinasagawa sa halos lahat ng lungsod at bayan sa Cavite. Isinasagawa ito tuwing pista, ang makukulay na kasuotang Pilipino at pagsayaw sa kalye sa saliw ng masasayang tugtugin ang pinakatampok sa pagdiriwang na ito.
2. Ang pagpuprusisyon sa itim na Nazareno na ipinagdiriwang tuwing Enero 9, -taon. Halos milyong-milyong Pilipino ang dumadalo rito upang magpakita ng marubdob na pananampalataya. Naniniwala sila na magkakaroon ng himala kapag nakahipo o nakadampi man lang sila sa Poong Nazareno sa araw na ito.
3. Nariyan din ang iba pang tradisyunal na pagdiriwang sa Pilipinas tulad ng Sinulog Festival na ginaganap tuwing pangatlong Linggo ng Enero bilang pagpupugay sa mahimalang imahe ng Sto. Nino na nagmula sa siyudad ng Cebu na tumatagal ng siyam (9) na araw.
4. Sa Lucban, Quezon naman ang *Pahiyas Festival* na isang pagdiriwang tuwing ika-15 ng Mayo sa probinsya Lucban, Quezon. Pinararangalan dito si San Isidro, ang patron ng mga magsasaka.



## ***Suriin***

Basahin at suriin ang teksto. Alamin kung anong penomenang panlipunan at kultural ang masasalaming dito. Pagkatapos ay sagutin ang mga katanungan.

### **Ang Baysanan**

*Fritzie Ann R. Cubcubin*

Ang baysanan ay salitang Batangas na ang ibig sabihin ay kasalan. Ang baysanan sa Batangas ay karaniwang umaaabot nang dalawang araw kung kaya hindi maaring hindi magpapatay o kakatay ng hindi baba sa sampung baboy. Ito ay ilalaan sa dulot sa ninong at ninang na may kasamang suman at kalamay. Ang iba ay nakalaan sa mga mamaysan at binabaysan. Ang mamaysan ay pamilya ng lalaki at ang binabaysan naman ay pamilya ng babae.

Ang karaniwang kumikilos o gumagawa sa baysanan ay ang mga mamaysan o pamilya ng lalaki. Kasabay ng bispiras ay may tinatawag na sabitan. Ito ay ang pagsasabit ng pera sa ikakasal ng kanilang pamilya, kamag-anak at mga kaibigan. Ito ang magsisilbing unang hanapbuhay ng ikakasal.

Sa kaarawan naman ng baysanan ay may tinatawag na sabugan ito ay ang pagtitinda ng suman at kalamay sa mga ninong, ninang, kapamilya at kaibigan. Ito ang magsisilbing pangalawang hanapbuhay ng mag-asawa.

Ang huling parte ng baysanan ng mag-asawa ay dapitan, kung saan ang babaing ikinasal at ang kanyang asawa ay magpapaalam sa magulang ng babae upang sumama na sa pamilya ng lalaki.

1. Itala ang mga salitang may salungguhit, at ibigay ang kahulugan nito.

---

---

2. Ano ang mensahe ng tekstong iyong binasa?

---

---

3. Anong penomenang kultural at panlipunan ang masasalaming sa tekstong ito?

---

---


---

- 
4. Ano ang kaugnayan ng mga penomenang kultural at panlipunan na masasalamain sa teksto sa pamumuhay ng mga tao sa lugar na ito?

---

---

---



## ***Pagyamanin***

Sa mga naunang gawain ay nabatid mo ang tinatawag na penomenang kultural at pantipunan. Sa pagkakataong ito, hubugin ang sarili sa pagsulat ng isang pananaliksik na tumatalakay sa penomenang kultural at panlipunan. Tugunan ang bawat hakbang sa pagsulat ng pananaliksik.

### **1. Pamimili at Pagpapaunlad ng Paksa ng Pananaliksik**

Gabay na tanong:

- a. Anong paniniwala, pagkain, kasuotan, gawi, linangan, hanapbuhay, wika at suliraning panglipunan ang gusto mong alamin at pag-aralan?

---

---

---

- b. Anong tanong ang gusto mong bigyan ng kasagutan tungkol sa paksa? Magbigay ng tatlo, dahil ito ang magsisilbing katanungan sa bahaging Paglalahad ng Suliranin:

Suliranin 1: \_\_\_\_\_

Suliranin 2: \_\_\_\_\_

Suliranin 3: \_\_\_\_\_

- c. Ano ang layunin at kahalagahan ng pag-aaral?

---

---

### **2. Pagdidisenyo ng Pananaliksik**

Gabay na Tanong:

- a. Anong uri ng pananaliksik ang isasagawa, kuwantitatibo o kuwalitatibo?

---

---

**3. Pangangalap ng Datos**

Gabay na Tanong:

- a. Anong instrumento sa pangangalap ng datos ang gagamitin?

\_\_\_\_\_

- b. Paano ang isasagawa ang aktuwal na pangangalap at presentasyon ng datos?

\_\_\_\_\_

**4. Pagsusuri ng Datos**

Gabay na Tanong:

- a. Paano isasagawa ang presentasyon ng datos, pagsusuri at interpretasyon ng datos?

\_\_\_\_\_

- b. Paano bubuuin ang sumusunod:

1. Lagom: \_\_\_\_\_

2. Konglusyon: \_\_\_\_\_

3. Rekomendasyon: \_\_\_\_\_

**Pamantayan sa Pagmamarka:**

A. Ang paksa ay tungkol sa penomenang kultural at panlipunan.....10 puntos

B. Magkakaugnay ang ideya sa bawat bahagi ng pananaliksik.....10 puntos


C. Orihinal at walang pinagkopyahan..... 5 puntos

Kabuonan.....25 puntos.




## **Isaisip**

Bumuo ng plano kung paano isasagawa ang naisip mong pananaliksik tungkol sa penomenang kultural at sosyal. Isalaysay ang sunod-sunod na hakbang sa pagsasagawa nito.



Pamantayan sa Pagmamarka:

- A. Detalyado ang bawat plano sa bawat bahagi nito.....10 puntos
- B. Tumatalakay ang pananaliksik sa penomenang kultural at sosyal...5 puntos
- C. Organizado ang bawat ideya.....5 puntos
- Kabuoan ..... 20 puntos



## ***Isagawa***

Lagyan ng tsek (✓) ang kahon na nagsasaad ng iyong saloobin at damdamin tungkol sa paksa.

	TAMA	MALI
1. Ang pananaliksik na pumapaksa sa wika, pagkain, kasuotan, paniniwala at tradisyong ng isang lugar ay isang pananaliksik tungkol sa penomenang kultural at panlipunan.		
2. Mahalaga na may sapat na kaalaman sa paksa at may malawak o masaganang literatura upang maisagawa ang pananaliksik.		
3. Ang pagkuha ng saliksik ng iba ay pinahihintulutan basta gagamitin mo ito sa iyong saliksik.		
4. Hindi mahalagang kulang ang bahagi ng pananaliksik, ang mahalaga ay nakuha o lumabas ang nais mong maging resulta.		
5. Nakabatay ang resulta ng pananaliksik sa iyong suliranin at layunin ng pag-aaral.		



## **Tayahin**

Sumulat ng isang pananaliksik na tumatalakay sa mga penomenang pangkultural at panlipunan sa iyong lugar. Sundan ang *format* na ito.

### **Kabanata 1**

I. A. Rasyonal at Kaligiran ng Pag-aaral

I. B. Paglalahad ng Suliranin

I. C. Layunin at Kahalagahan ng Pag-aaral

I. D. Rebyu ng Kaugnay na Literatura

I. E. Teoritikal at Gabay na Balangkas

I. F. Saklaw at Limitasyon

### **Kabanata II**

II. A. Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik

II. B. Lokal at Populasyon ng Pananaliksik

II. C. Kasangkapan sa Paglikom ng Datos

II. D. Paraan sa Paglikom ng Datos

II. E. Paraan ng Pagsusuri ng Datos

### **Kabanata III**

III. Resulta at Diskusyon

### **Kabanata IV**

IV. A. Lagom


IV. B. Kongklusyon

IV. C. Rekomendasyon




Narito ang Pamantayan sa Pagmamarka para sa iyong pinal na awtput para sa asignaturang ito.

<b>Kraytirya</b>	<b>Napakahusay 5</b>	<b>Mahusay 4</b>	<b>Katamtaman 3</b>	<b>Paunlarin 2</b>	<b>Nangangailangan ng Gabay 1</b>	<b>Kabuuan ng Marka</b>
Paglalahad ng kritikal na kaisipan/pahayag	Napakahusay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Makahusay at malikhaing nailahad ang mga pahayag	Naisulat ang sanaysay sa katamtamang pamamaraan at may pagtatangka sa pagiging malikhain nito	May papaunlad na kasanayan sa pagsulat ng kritikal na sanaysay	Nangangailangan ang paunlarin ang kasanayan sa pagsulat	
Nilalaman	Malinaw na tumatalakay sa penomenang kultural at panlipunan	Tumatalakay sa penomenang kultural at panlinan	May bahagyang pagtalakay sa kultural at panlipunan	Hindi malinaw ang pagtalakay sa penomenang pangkultural at panlipunan	Hindi tinalakay ang penomenang kultural at panlinan	
Kaangkupan ng gamit ng salita	Nakagamit ng mahigit sa limang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng mahigit sa apat na rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nakagamit ng dalawang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Hindi nakagamit ng anumang rehistro ng wika kaugnay sa paksa	Nangangailangan ng gabay sa paggamit ng rehistro ng wika sa iba'tibang sitwasyon	
Buo ang bahagi ng pananaliksik	Buo ang naisagawang pananaliksik	Apat hanggang limang bahagi ang naisagawa	Tatlong bahagi lamang ang naisagawa	Dalawang Bahagi lamang ang naisagawa	Isang bahagi lamang ang naisagawa	



## ***Karagdagang Gawain***

Binabati kita dahil natapos mo nang matagumpay ang mga pagsubok sa modyul na ito. Dahil diyan, gusto kong maging handa ka sa susunod na pagsubok na iyong kahaharapin. Ngayon pa lamang ay paghandaan mo ang aktuwal na pagdepensa ng iyong saliksik



## **Susi sa Pagwawasto**

<p><b>Subukin</b></p> <ol style="list-style-type: none"><li>1. B</li><li>2. B</li><li>3. D</li><li>4. A</li><li>5. A</li><li>6. C</li><li>7. B</li><li>8. B</li><li>9. A</li><li>10. B</li><li>11. A</li><li>12. C</li><li>13. B</li><li>14. B</li><li>15. A</li></ol>		<p><b>Tayahin</b></p> <p>Tatayahin ang pananaliksik batay sa pamantayang inihanda.</p>
--	--	--

## **Sanggunian**

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)